



### Abstract

The short poetry collection “Angelus” depicts sociopolitical issues that happened throughout the COVID-19 pandemic. It attempts to humanize personal and national struggles that have been taken away by the trivialization of death in everyday social media and news.



### Keywords

Pakikibaka / activism, pagbangon / recovery, mga diyos / gods, paniniwala / belief, tinatangi / cherished


### English titles

Angelus: Poems

1. Farewell
2. Temperance
3. When the Gods You Didn’t Believe Came Down

# ANGELUS

## MGA TULA


**ANDRE RAMIREZ GUTIERREZ**

# PAHIMAKAS

*Activists crackdown amid pandemic leaves 9 dead, 6 arrests in CALABARZON*
– headline ng balita, 7 Marso 2021

Marahang binabaybay ng mga daliri ko ang dibdib
mong dagat—nakabantay sa bawat buntonghiningang
marahil dulot ng paglulunoy ng iyong kaluluwa
sa párang ng mga panaginip. Ngiti ang balik sa akin
ng iyong munting paghilik, ’pagkat mayroong balik
na pagtahan ang pagmasdan ka na mahimbing.

Kung mangyaring sa iyong paggising ay hindi mo
na ako madatnan, asahan mong naging tapat ako
sa pangakong sa iyo ay ipinagkait. Mutya kong tinatangi,
walang kasiguraduhan ang bukas na patuloy nating linulukso,
ngunit tandaan mong naging sandigan ko ang iyong pag-ibig
na siyang ginhawa sa kabado kong mundo.

# TIMPI

*sa alaala ni Michelle Silvertino*

I.
Banyagang lupa ang Maynila sa gaya kong ginawang
unan na yakap-yakap ang lumbay. Hanggang ngayon
ay hindi humuhupa ang hapding dulot ng pagkawalay.
Sanlibong karayom ang nakabaon sa pagal at namayat
kong katawan. Kaya naman kahit manhid na ang aking
panimdim, *kailangan kong bumangon bukas*

upang gawin ang mga kailangan kong gawin.

II.
Ang paghiga ay mistulang paghimlay, at ang pagpikit
ay isang pagsilip sa walang-hanggang kadiliman. Batid
kong nagtitimpi lamang si Kamatayan sa pagkuhang
nararapat, o baka naaawa siyang makita akong patuloy
na umaasa habang nagsasalitan ang araw't ulan sa pagbugbog
sa pagal at namayat kong katawan. Hindi ko na muna kayang
isipin ang pamamaalam, *'pagkat nais ko pang makauwi bukas*

upang magawa ko ang mga ipinangako kong gawin.

## NANG BUMABA ANG MGA DIYOS NA HINDI MO PINANINIWALAAN

nagbago ang kilos ng mundo. Naging makasalanan ang mga dating bukal ang pananampalataya. Biglang nagdasal ang mga dating nawalan na ng pag-asa. Akala ng nakararami, ang pagbaba ng mga bathala'y isa lamang propaganda, 'pagkat walang Allah, walang kerubin, walang nakasakay sa kabayo na isang magiting na mandirigma, walang Zeus, walang Buddha, at mas lalong wala si Hesus sa kanila.

Nang bumaba ang mga diyos na hindi mo pinaniniwalaan, kinalimutan na ng lahat ang mga dati nilang nalalaman. Balewala ang siyensiya at matematika. Balewala ang mga limpak-limpak na librong iyong nabasa. Balewala ang lahat ng iginugol mong oras sa pakikipagbangayan sa social media. Balewala ang malusog mong katawang kay tagal mong iningatan. Balewala ang pag-ibig na kay tagal mong sinubok pag-aralan.

Nang bumaba ang mga diyos na hindi mo kailanman pinaniwalaan, bumagsak ang mga planetang payapang lumulutang sa kalawakan. Nag-aapoy na bumulusok padaigdig. Nasunog ang kalangitang napagod nang tingalain. At nang dumating ang mga planeta sa lupang iyong kinatatayuan, bato silang kaya mong nakawin—bulsahin, at ipagmayabang sa mga kakilalang sa iyo na't hawak-hawak ang dating planetang ninanais nilang angkinin.

Nang bumaba ang mga diyos na hindi mo kailanman pinaniwalaan, hindi sila ang iyong inaasahang makita—ang mga bathalang bumaba'y mga aninong naiwan mo sa daan nang hindi mo namamalayan; mga espirito ng usok na ibinuga mo kung saan-saan; mga dating ikaw na sa takot ay hindi mo na nadala sa kasalukuyan—at ngayon, nakapako ka sa iyong kinatatayuan, umaasang sana, ang mga diyos na ito'y mapagpatawad, 'pagkat hindi naging sila ikaw, at ikaw ay hindi naging sila, dahil nagkulang ka sa paniniwala.